sumaway laban sa pamamanata at nagsabi: "Tunay na ito ay hindi naghahatid ng isang kabutihan. Ipinangkukuha lamang ito mula sa maramot."}

Ayon kay Ibnu `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), siya ay sumaway laban sa pamamanata at nagsabi: "Tunay na ito ay hindi naghahatid ng isang kabutihan. Ipinangkukuha lamang ito mula sa maramot."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pamamanata. Ito ay ang pag-oobliga ng tao sa sarili niya ng isang bagay na hindi inobliga sa kanya ng Tagapagbatas. Nagsabi siya na ang pamamanata ay hindi nagpapauna ng isang bagay at hindi nagpapahuli nito. Ipinangkukuha lamang ito mula sa maramot na walang ginagawa kundi ang kailangan sa kanya at na ang pamamanata ay hindi naghahatid ng isang anuman, na hindi nangyaring naitakda na para sa kanya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/2960